



Bulaklak sa City Jail

Lualhati Bautista

[Download now](#)

[Read Online](#) ➔

Bulaklak sa City Jail

Lualhati Bautista

Bulaklak sa City Jail Lualhati Bautista

Nakahantad ang katotohanan sa harapan nating lahat. Marami bang mga mata ang nakakakita ng taas, luwang, at lalim ng mga bagay-bagay para maging totoo ang mga ito? Marami bang utak ang nakakatkat para busisiin ang mga bagay bagay at maunawaan ang lalim nito?

Nang mabasa ko ang screenplay (ng Bulaklak sa City Jail) ni Lualhati ay naglaro agad sa aking imahinasyon ang mga tauhan nito dahil nakilala kong totoo ang mga taong ito. Yon ang kagandahan ng mga karakter ni Lualhati. Hindi sila likha ng isipan kundi mga totoong tao sila. Mga taong nakakasalamuha natin araw-araw - kamaganak, kaibigan, kapatid, kakilala, kaklase, kapitbahay. Mga taong kilala natin kaya madali nating maunawaan ang kanilang taas, luwang at lalim. Kailangan yon upang maangkin natin ang kanilang kuwento at paniwalaan.

Sa maraming salamin na iniharap ni Lualhati Bautista sa harap natin, isa sa pinakamalinaw ay ang Bulaklak sa City Jail at gayundin... isa sa pinakamatalas!

Bulaklak sa City Jail Details

Date : Published 2006 by C&E Publishing, Inc.

ISBN :

Author : Lualhati Bautista

Format : Paperback 307 pages

Genre :

 [Download Bulaklak sa City Jail ...pdf](#)

 [Read Online Bulaklak sa City Jail ...pdf](#)

Download and Read Free Online Bulaklak sa City Jail Lualhati Bautista

From Reader Review **Bulaklak sa City Jail** for online ebook

Agnes Sampaga says

"Humorous, direct and factual."

Alden says

Gustong gusto ko talaga ang mga nobela ni **Lualhati Bautista**. Hindi bumababa sa tatlong bituin (three stars) ang ratings ko sa kanyang mga libro kahit pa masasabing iisa ang estilong ginagamit niya sa kanyang mga kuwento dahil palaging bida ang babae, at kadalasan ay tumatalakay ito sa isang makabuluhan at napapanahong isyu.

Hindi na iba ang **Bulaklak Sa City Jail** sa mga obra ni **Lualhati Bautista**. Tulad ng kuwento ng isang inang si Amanda at ng kanyang pamilya sa panahon ng Martial Law sa Dekada '70, ng babaeng si Lea at kung paano niya inalagaan at pinalaki ang kanyang mga anak sa magkaibang lalake sa Bata, Bata... Pa'no Ka Ginawa?, ng babaeng si Anna at ang paghahanap niya sa kanyang anak kasama ng iba pang mga naging biktima ng Batas Militar sa Desaparesidos, at ng malalim na ugnayan ng mga Pilipino at Amerikano sa 'Gapo, halos ganito rin ang tema sa librong ito—isang babae sa gitna ng isang isyung panlipunan.

Ang **Bulaklak Sa City Jail** ay kuwento ng babaeng si Angela Gutierrez, simpleng waitress sa isang beer garden na nakulong sa salang nabigong pagpatay o frustrated murder sa asawa ng kanyang kalaguyong si Crisanto. Sa kanyang pagkakakulong ay naranasan ni Angela ang buhay ng isang preso at ang tunay nilang kalagayan sa loob ng bilangguan na puno ng pang-aabuso at hindi makataong pagtrato. Sa pinakapayak na paglalarawan, sumesentro ang istorya sa buhay ng mga bilanggo at ang pakikipaglaban sa kanilang karapatang pantao.

Maganda ang naging simula ng kuwento (o ang 'premise') ng **Bulaklak Sa City Jail**. Ipinakilala tayo ni **Lualhati Bautista** sa isang mundong malayo sa pangkaraniwang nararanasan natin. Dito natin malalaman na ang mundong ginagalawan ng mga bilanggo ay talaga namang nakakaawa at ang kalagayan ng mga nasa loob ng bilangguan ay tila isang mabigat na pasanin. Nariyan ang hindi makatao at hindi pantay na pagtrato ng mga preso sa kanilang mga kapwa preso, ang maruming pasilidad na siyang nagdudulot ng sakit sa mga nakapiit dito, at ang pang-aabuso ng mga may katungkulan sa karapatan ng bawat bilanggo.

Kung ihahalintulad ko ang **Bulaklak Sa City Jail** sa ibang nobela, masasabi kong ito ay tila ba Tagalog version ng mga nobela ni John Grisham. Tulad ng mga obra ni Grisham, kitang kita ang pagkakaroon ng temang legal nito lalo na sa kalagitnaan hanggang sa pagtatapos ng kuwento, kung saan halos umikot na ang buong istorya sa kaso ni Angela at sa kanyang paglilitis.

Dahil hindi ako masyadong mahilig sa mga kuwento tungkol sa batas o legal fiction (take note: hindi masyado), medyo nabawasan nang kaunti ang interes ko sa kalagitnaan ng istorya. (view spoiler)

Sa kabuuan, nagustuhan ko naman ang **Bulaklak Sa City Jail**. Balak ko pa ring maging completist ng mga libro ni **Lualhati Bautista**. Susunod kong babasahin ang *In Sisterhood*—Lea at Lualhati, pagkatapos ay *Sixty In The City*. Bagamat mukhang matatagalan pa naman iyon.

Leinard San Pedro says

This was a very exciting book and i'll recommend it to my friends

K.D. Absolutely says

This book has strong points but they are just enough to offset its weak points. In other words, I found some pages peppered with brilliantly written scenes but there were also those parts that made me sigh with boredom.

Not that Bautista wrote anything less skillfully than in her earlier books that I recently read and liked, e.g., *Desaparesidos* (4 stars) or *Gapo* (4 stars), but her approach in presenting *Bulaklak ng sa City Jail* seems, to me, like a rehash of the two. In this book, there is just a new female protagonist in the person of a 25-y/o **Angela Gutierrez** and instead exposing the excesses of the US-Marcos regime (in *Desaparesidos*) or the evil brought about by the continued presence of the U.S. Military bases (in '*Gapo*'), what Bautista tackled here are the sad condition of the prison and even the justice system in our country, the Philippines. Then on the macro level, the insufficient space for the inmates, the warden left with no choice but to allow the inmates' children to stay inside the prison compound and allowing prisoners to have sex in the vicinity, reflect badly to the economic condition of the country and the rampant graft and corruption in all government levels.

What I am trying to say by giving this book just 2 stars (means *It's okay!*) is that even if the book is brave enough to expose the real conditions of the prison system in the 80s, I found it quite formulaic considering that I've read the earlier brilliant works of Bautista. If this were my first Bautista, I have no doubt that I would have given this a higher rating. Since Bautista is still alive, I hate to imagine that she might now be writing a novel using another political issue as a backdrop. She has used the US-Marcos regime, U.S. Military Bases, Martial Law (for *Dekada '70*). What could she think of next? The Philippine's dispute with China over Scarborough Shoal? The warlords in Mindanao that ordered the Maguindanao massacre? The political dynasties in the provinces? Or why not go historical and write about the Comfort Women during the Japanese occupation here in Manila? That would be perfect because Bautista has this fondness for having a female protagonist who is a victim of some kind of lapses in the system and better to have that female a mother also so all the mothers out there would rally behind her book. Bautista's game plan, for me, is becoming too predictable already.

I hope Bautista will think twice because I like her writing style and I hope she will try another formula in her next book. But not having a sex maniac mother and pass it for a *feminist* like what she did in *Bata, Bata...* please.

Wogie says

It's like the movie "Miracle in Cell No. 7," but in an semi-opposite way.

Apokripo says

Bilanggo ng Sariling Piitan

(Book Review ng *Bulaklak sa City Jail* ni Lualhati Bautista)

Nitong mga nagdaang araw ay muli na namang napabalita ang mga nasamsam na mga baril, deadly weapons, gadgets, appliances, at ipinagbabawal na gamot nang muling magsagawa ng Oplan Galugad ang National Bureau of Investigation (NBI) at ang Bureau of Corrections (BuCor) sa National Bilibid Prisons.

Ikalabingtatlo na ito sa serye ng nasabing operasyon buhat nang sinimulan ito noong nakaraang taon, ay waring hindi maubos-ubos ang mga nakukumpiskang ipinagbabawal na bagay at kagamitan sa loob ng naturang kulungan. Ngunit higit na nakangingitngit dito’y ang malamang sa halip na pinagdurusahan ng mga bilanggo—lalo na iyong masasabing high profile prisoners na may mabibigat na pagkakasala—ay mistulang buhay bakasyonista’t prenteng-prente pa ang mga preso.

Hindi na iba sa atin ang usapin ng anomalya at irregularidad sa pamamalakad ng mga piitan sa bansa. Bagkus, sa pagdaan ng mga taon ay nagiging ito na yata ang kalakaran at ipinagwawalang-bahala’t mistulang tinatanggap na lang natin itong ordinaryong regulasyon. Ang nakasasama rito’y kanser na itong nangangailangan ng napakalaki at pursigidong political will upang mabigyang solusyon ng gobyerno.

Bunsod ng mga nabanggit na mga pangyayari kaya’t masasabi pa ring tunay na makapangyarihan at makabuluhan ang akda ni Lualhati Bautista na *Bulaklak sa City Jail* na unang isinerye sa masaging *Liwayway*, isinapelikula sa direksyon ni Mario O’Hara noong 1984, at muling nilathala nitong 2006.

Ang nobela ay tungkol kay Angela Gutierrez, isang waitress sa isang beer garden, nang siya’y makulong sa city jail sa salang nabigong pagpatay nang kanyang masugatan ang may-bahay ng kanyang kalaguyo. Sentrong paksa sa kuwento ang katiwaliang nagaganap sa loob ng kulungan (ng mga panahong iyon), mali at minamadaling paghawak sa kaso ng mga bilanggo, at ang mabagal na sistema ng hukuman.

Bukod sa paglalantad ng mga nakaririmarin ng kalagayan sa loob ng piitan, gaya ng kakulangan ng espasyo, kapabayaan at salaulang kondisyon ng pasilidad, kasama ng nagaganap na pang-aabusong pisikal at sekswal sa mga bilanggo (mga suliraning masasabing umiiral pa rin magpasahanggang ngayon), mas naging matapang pa ang akdang ito ni Bautista dahil binibigyan nitong pansin ang abang kalagayan ng mga babaing preso. Isa rito ay ang katanungang legal kung maaari nga bang maalagaan ng bilanggo ang kanyang anak habang nakakulong, at kung di mapapayaga’y, mabibigay pa ba sa kanya ang kustodiya sa anak kung mapupunta naman ito sa ampuman o aalagan ng isa sa mga institusyon ng gobyerno (sakaling walang kamag-anak o guardian na pansamantalang mag-aalaga sa anak ng bilanggo).

Mabibigat ang bugso ng emosyong inihahatid ng *Bulaklak sa City Jail*. Galit ang damdaming namamayani sa akin habang binabasa ang nobela. Galit sa bulok na sistema. Galit sa kung paano niyuyurakan at hinuhubdan ng dignidad ang isang bilanggo sa nakalulugaming kalagayan ng piitan. Galit dahil naaatim nating mawalay ang anak sa piling ng ina kahit pa sabihing ang huli’y nagkasala sa mata ng batas; sapagkat hindi matatatwang ang ina ay ina pa rin saang anggulo man ito limiin kahit pa ng iginagalang na Ginang ng Katarungan.

Patunay ang mga akdang gaya ng nobela ni Bautista upang salangin ang ating sensibilidad at buksan ang ating mga mata sa mga isyu sa lipunan na mula nang mahantad ay nabigyan na sana natin ng lunas sa

simula't simula pa. Ngunit kahit sabihin mang mayroon pa ring mga tao sa hanay ng pamahaalan na nais bigyang solusyon o tuldukan ang mga suliraning ito'y patuloy pa ring nababalam ang kanilang mabuting hangad. Kaya't ngayon, kung ating titingan ang kabuuang senaryo, mukha pa nga yatang mas nasadlak pa tayo sa kumunoy na patuloy na lumalamon sa atin. Ang tanong ngayo'y ito: may pag-asa pa ba tayong makaahon mula rito? Sana'y huwag tayong humantong sa tagpong tayo na mismo'y hindi na makaaalpas pa sa piitang kinasadlakan at iniumang natin sa ating mga sarili.

Detalye ng Aklat:

Nilathala ng C & E Publishing

(Paperback, Unang Limbag, 2006)

307 Pahina

Binasa: Enero 13 – 46, 2016

[Mababasa ang book review na ito at iba pa mula sa aking book blog: [Dark Chest of Wonders](#)]

Erika says

happy
